# Maaring Tayo na ba ang Huling Lahi ng Sanlibutan?

### Leksyon 3

**1. Ano ang mas mahalaga nating makilala kaysa panahon?**

*Mateo16:2,3*______________________________________________

**2. Nang tanungin ng mga tanda ng katapusan, ano ang unang tugon ni Jesus?**

*Mateo 24:3,4*______________________________________________

Ang kanyang pananalita ay nakatala sa Mateo 24, Markos 13, at Lucas 21.

**3. Sa pagpapasimula Niyang para sa iglesia, pagkatapos mag-banggit ng ilang unang mga tanda, Inihula ni Jesus ang pagkawasak ng anong lungsod?**

*Lucas 21:20*______________________________________________

Wala pang apatnapung taon pagkatapos ibigay ang babalang ito, ang Jerusalem ay bumagsak sa mga hukbong Romano. At katulad ng Kanyang pagkahula, walang matitira ni isang bato ng maringal na templo sa ibabaw ng kapuwa bato na di ibabagsak.

**4. Anong tanda ang magpapa-alam sa mga taga-sunod ni Kristo na nalalapit na ang pagkawasak ng lungsod na iyon?**

*Lucas 21:20*______________________________________________

Noong Oktubre, A.D. 66, kinubkod ni Cestius ang Jerusalem. Ang mga Kristiyano na nasa lungsod ay nabatid ito bilang tanda na ibinigay ni Kristo. Nang ang mga Romano ay biglang dumating, ang mga Kristiyano ay tumakas, wala ni isa man ang nawalan ng sariling buhay. Hindi nagtagal ang mga kawal Romano na pinamumunuan ni Titus ay bumalik, at noong A.D. 70, ang lungsod ay winasak. Humigit kumulang isang milyong mga Judio ang napahamak.

**5. Anong kagimbal-gimbal na karanasan ang susunod sa pangyayaring iyon?**

*Mateo 24:21*______________________________________________

Sa sumunod na 250 mga taon ang iglesia ay dumanas ng matinding pag-uusig mula sa pamahalaang Romano. Ang mga Kristiyano ay ibinigay sa mailap na mga hayop, o kaya'y hinagupit sa mga poste upang magsilbing mga sulo sa arena. Talong milyon ang naging martir para sa kanilang pananampalataya kay Jesus.

At sumunod si Constantino, ng malaman na ang Kristiyanismo ay hindi mapatigil, ay nagpanggap na nakumberte, at ipinihayag na ang Kristiyanismo (lubhang nahaluan ng paganismo) ang maging opisyal na relihiyon ng emperio. Subalit ang mahabang mga siglo ng ipinatupad na relihiyon na sinundan ay lumikha lamang ng higit pang malubhang pagbabatang relihiyoso na kumitil ng buhay ng humigit kumulang 50 milyong mga tao. Hindi pa sa pagbubukas ng kontinenteng America ang mga Kristiyano sa wakas ay pinahintulutan ng buong kalayaan ng budhi (konsensya) na walang banta ng pag-uusig.

**6. Anong tiyak na mga tanda ang sinabi ni Jesus na ibibigay pagkatapos ng mga panahong iyon ng kapighatian?**

*Mateo 24:29*

Ang araw ay_____________________________

Ang buwan ay___________________________

Ang mga bituin ay_________________________

Sa pagkakatatag ng United States of America, ang siglo ng relihiyosong pag-uusig ay nagtapos. Ang Declaration of Independence (Kapahayagan ng Kalayaan), na maaring pinaka-kilalang dokumentong pangkalayaan sa lahat ng panahon, ay nilagdaan noong 1776, na sinasabing "ang lahat ng mga tao ay nilikhang pantay-pantay, na sila ay pinagkalooban ng kanilang Manlalalang ng tiyak na hindi maagaw na mga karapatan, na kabilang dito ang buhay, kalayaan, at ng paghahanap ng kasiyahan." Binuksan ng America ang kanyang mga pinto sa sinumang naghahanap ng kalayaang pangrelihiyon, na may katiyakan ng karapatan ng lahat sa sumamba sang-ayon sa kanilang budhi (konsiensya).

Sinabi ni Jesus, "Datapuwa't karakarakang pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon ay magdidilim ang araw,...." Ang United States ay bahagya pa lang na isinilang nang noong Mayo, 19, 1780 nasaksihan niya kung ano'ng maaalala sa kasaysayan bilang dakilang Madilim na Araw. Sang-ayon sa Boston Gazette, "may kahalintulad ng hatinggabi sa katanghalian." Ang kadiliman ay nagsimula sa pagitan ng 10 ng umaga. Ang mga kandila ay sinindihan, nag-akala ang mga hayop na iyon ay gabi. Isinalarawan ng Connecticut Historical Collections ang tensyon sa lehislaturang pang-estado kung saan, "ang pinaka- pangkalahatang kaisipan ang nangibabaw, na ang araw ng paghuhukom ay nalalapit na." Ang makatang si John Greenleaf Whittier ay tinawag itong, "isang kilabot ng dakilang kadiliman."

Ipinagpatuloy ni Jesus sa pagsasabi, "....at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag." Ang Collections of the Massachusetts Historical Society, patungkol sa Madilim na Araw, ay naglalaman ng talang ito: "Ang kadiliman ng sumunod na gabi ay halos sobrang kapal kung paano ito pinagmamasdan. Kung ang bawat lumiliwanag na katawan sa sansinukob ay nababalutan ng hindi napapasok na mga lilim, o mabangga mula sa wala ang kadilim ay hindi malulubos. Isang piraso ng puting papel ay itinapat ilang pulgada sa mata ay kapwa hindi makita sa pinakamaitim na velvet...Ang makapal na dilim na ito ay nagtagal hanggang ala-una, bagamat ang buwan ay buo isang araw bago iyon."
(*"The darkness of the following evening was probably as gross as ever has been observed....If every luminous body in the universe had been shrouded in impenetrable shades, or struck out of existence, the darkness could not have been more complete. A sheet of white paper held within a few inches of the eyes was equally invisible with the blackest velvet....This gross darkness held 'till about one o'clock, although the moon had fulled but the day before.")*

Ang ikatlong tandang binanggit ni Jesus ay, "....at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit." Noong Nobyembre 13, 1833, mula ika-2 ng madaling araw hanggang sa pag-uumaga, ang himpapawid sa buong Hilagang America ay naliliyaban ng mga bulalakaw. Puna ng isang tagapagmasid, "Ito'y parang ang buong kalangitan ng mga bituin ay nagtipon sa isang banda malapit sa ulunan, at sabayang nagbabagsakan, na may tulin ng kidlat, sa bawat bahagi ng kalawakan; at silay hindi napapagod." Ang Astronomong si W. J. Fisher, sa The Telescope (Ang Largabista), ay tinawag itong "ang pinaka- maringal na pagbagsak ng mga bulalakaw na naitala."

**7. Sang- ayon sa Apocalipsis, anong natural na sakuna ang magaganap bago ang mga tanda sa araw, buwan, at mga bituin?**

*Apocalipsis 6:12, 13*________________________________________________________

Isa sa pinaka- malakawakang naramdamang mga lindol ay naitalang naganap noong Nobyembre 1, 1755. Lampasan sa pagitan ng lawak na apat na milyong milya kwadrado, tinakpan nito ang malaking bahagi ng Europe, Africa, at America. Pitumpung libong mga tao ang namatay. Sa Lisbon, Portugal ang marahas na pag-uga ay tumagal hindi bababa sa loob bg anim na minuto, halos wasakin ang buong lungsod. Ang dagat ay tumaas na limangpung talampakan mula sa kanyang pangkaraniwang baytang. Tinatawag ito ng Encyclopaedia Britannica na, "ang pinaka-kilala sa lahat ng mga lindol." Si G. A. Eiby, sa About Earthquakes (Tungkol sa mga Lindol), ay tinukoy ito bilang, "ang pinaka-dakilang lindol na naitala."

**8. Paano isinalarawan ni Jesus ang kabagabagan at ligalig na darating sa daigdig pagkatapos ng mga tandang ito?**

*Lucas 21:25*______________________________________________________

**9. Anong magiging epekto ng nakasisindak na tanawin sa mga tao?**

*Luke 21:26*______________________________________________________

**10. Sang-ayon sa propesiya, anong dahilan ang ibibigay ng mga manunuya sa pagtanggi na ang katapusan ay nalalapit na?**

*2 Peter 3:3, 4*______________________________________________________

**11. Sa panghuling-araw na ekonomikong pagbagsak, ano ang mangyayari sa mga salaping itinago?**

*Santiago 5:1-3*______________________________________________________

"Kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin." 1 Pedro 4: 7

**12. Kailan darating ang biglaang pagkawasak na ito?**

*1 Tesalonica 5:3*______________________________________________________

**13. Itala ang ilan sa mga tanda ng pagbabang moral na inihula na magaganap sa mga huling araw?**

*2 Timoteo3:2, 3*______________________________________________________

**14. Sa ano ang mga tao magiging maibigin kaysa sa Diyos?**

*2 Timoteo 3:4*______________________________________________________

**15. Anong mga tanda ang makikita sa iglesia?**

*2 Timoteo 3:5*______________________________________________________

**16. Sa anong panahon inihalintulad ang huling mga araw?**

*Lucas 17:26*______________________________________________________

**17. Ano ang katulad ng mga panahon ni Noe?**

*Genesis 6:5*______________________________________________________

**18. Ano naman tungkol sa pagkilos at sa paglago ng kaalaman sa mga huling araw?**

*Daniel 12:4*______________________________________________________

**19. Ano ang sinabi ni Jesus na malalaman natin kapag nakita na natin ang mga tandang ito?**

*Lucas 21:31*______________________________________________________

**20. Kapag nakita na natin ang mga tandang ito, gaano na kalapit ang kaharian?**

*Lucas 21:32*______________________________________________________

"Magsitingin kayo, at itaas ninyo ang inyong mga ulo; sapagka't malapit na ang pagkatubos ninyo."

**21. Ano ang magiging dahilan upang hindi tayo maging handa?**

*Lucas 21:34*______________________________________________________

**22. Upang maging handa, ano ang dapat nating gawin?**

*Lucas 21:36*______________________________________________________

**Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....**

**O** Nauunawaan ko na tayo'y nabubuhay na sa mga huling araw ng kasaysayan ng sanlibutan.

**O** Ninanais ko na ihanda ang aking buhay sa mga pangyayaring darating.

**Karagdagang mga puna:**___________________________________________

**Pangalan:**________________________________________________________

**Susunod na Leksyon:** ***Paano Magtatapos ang Sanlibutan?***